ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# P.A.S.S.WORD.S (*PICTURE ANALYSIS, SEQUENTIAL SCRIPTING, WORD SWAP AT WORD CRAFT*): PAGHUBOG SA KASANAYAN SA PAGBUO NG SANAYSAY NG MGA MAG-AARAL SA IKA-9 NA BAITANG

**Joy S. Baradillo[1], Jayvee S. Bustamante[2], Shellah Me T. Sedayon[3], Shiela Me L. Semblante[4], Marie Grace T. Varquez[5]**

*[1]ORCID No.:0009-0006-9945-9700*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippinesnes*
*[2]ORCID No.: 0009-0007-1741-6300*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippiness*
*[3]ORCID No.: 0009-0008-6696-0860*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippiness*
*[4]ORCID No.: 0009-0000-1928-1015*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[5]ORCID No.: 0009-0006-4664-4630*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippiness*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra18227
**DOI No: 10.36713/epra18227**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang mga epektibong estratehiya at mga interbensyon na inakma upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap sa paggawa ng sanaysay sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School. Ang pag-aaral na ito ay isang experimental research na gumagamit ng disenyong investigative approach na naglalayong matukoy kung may epekto ang ginamit na interbensyon sa mga suliraning kinakaharp ng mga nasa ika-9 na baitang sa paggawa ng sanaysay at masuri ang kanilang pag-unlad batay sa resulta ng pre-test at post-test. Batay sa naging resulta sa pag-aaral na ito ay may t-value na - 4.957 at p-value na <.001 na nagpapahiwatig na lubos na makabuluhan at may positibong epekto ang interbensyon o pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang sanaysay. Ang paggamit ng interaktibo at nakakaenganyong aktibidad katulad ng P.A.S.S WORD.S o Picture Analysis, Sequencial Scripting, Word Swap at Word Craft ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang mapatibay at mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng sanaysay. Maaaring isaalang-alang ng mga tagapagturo ang paglalaan sa karagdagang atensyon sa pagpapabuti ng organisasyon, nilalaman, bokabolaryo, pamamaraan at wikang ginamit ng mga mag-aaral sa paggawa sanaysay sa pamamagitan ng iba't-ibang interbensyon na angkop sa mga mag-aaral. Ang mga sumusunod ay idinadag: (1) Datos at pamamaraan; at (2) Mga karagdagang natuklasan.*

**MGA SUSING SALITA***: Picture Analysis, Sequential Scripting, Word Swap, Word Craft*

## INTRODUKSYON

Sa aksyong pananaliksik na ito, ay naglalayong itatag ang mga pangunahing konsepto ng pag-aaral. Sa bahaging ito, ang paggamit ng interbensyon ay upang mabigyan ng mas sistematisadong pagtingin sa mga hakbang na kinakailangan upang mabigyang solusyon ang isang problema. Nakasaad dito ang rasyunale, layunin ng pananaliksik, mga kaugnay na literatura, at iminungkahing inobasyon, interbensyon, at istratehiya.

Ang *picture analysis*, *sequential scripting*, *word swap at word craft* ay mga aktibidad na maaring gamitin upang makatulong sa

mga mag-aaral na magsulat ng mahusay at epektibong sanaysay na kung saan may malaking tulong sa pagpapabuti ng kanilang biswal na literasi, paghikayat sa pagkamalikhain, at pagsuporta sa organisasyon ng konsepto. Sa pamamagitan ng pag-alok ng mga interbensyong ito, tinutulungan nito ang mga mag-aaral sa pag-aayos ng mga kuwento, paglikha ng mga argumento, at pagpapahusay ng kanilang mga kakayahan sa maayos na kompisyon ng sanaysay sa kabuoan. Ang mga mag-aaral ay kailangang maging bihasa sa apat na larangan upang matuto ng Filipino: pandinig, sinasalita, nakasulat, at binabasa. Ang pangunahing layunin ng edukasyon sa akademya ay pahusayin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat (Al Khazraji, 2019).

Sa bansang Iraq, ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at ipinahayag na ang mga pagkakamali ay nababahala sa paggamit ng balarila, bantas, pagbaybay, at sulat-kamay. Maging ang pagbuo ng mga sanaysay, pagsasaayos ng kanilang ideya at pagpili ng mga wastong salita ay hirap ang mga mag-aaral. Dagdag pa, ang kahirapang ito ay parehong pangunahing problema pagkakaisa at pag-uugnay ng mga salita dahil sa kakulangan ng pagbabasa, paglilipat o pagsasalin sa wikang ginamit at ang mababang kaalaman sa kasanayan sa pagsulat lalo na dahil sa tradisyonal na pamamaraan ng mga guro sa pagtuturo kung paano ang tamang pagsulat ng isang sanaysay (Nasser, 2019).

Sa Pilipinas, partikular na sa Zamboanga Peninsula, nakita sa pananaliksik na may pamagat na "*Factors that contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English*" na mayroong kakulangan ang mag-aaral sa bokabularyo sa loob ng target na wika, hamon sa pagpapahayag at pagbuo ng mga ideya, ang pagsulat ay isang mapanghamong literasi, kakulangan ng sigasig at motibasyon sa pagsulat, at higit sa lahat ang hamon sa kahirapan sa pagbabaybay, gramatika, at istruktura ng isang simpleng pangungusap na nagdudulot ng balakid sa paggawa ng epektibong sanaysay (Saavedra at Barredo, 2020).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte partikular na sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School, hirap ang mga mag-aaral sa ika-9 na baitang sa paggawa ng isang simpleng pangungusap na nagdudulot ng kahirapan sa pagbuo ng isang sanaysay. Ang paaralan ay hindi makapagbibigay ng sapat na panahon at oras para hasain ang bawat indibidwal sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Sa kabila ng ginagawang pamamaraan ng mga guro para maitama at maiayos ang paggawa ng kanilang sanaysay hindi pa rin ito sapat dahil sa marami pa rin sa kanila ang hindi alam ang basikong pagsulat ng isang pangungusap.

Sa ibang pag-aaral, may mga mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang sanaysay kagaya ng pag-aaral ni Yulandari et al., (2019) na pinamagatang *"Improving XI-Gade Students Writing Essay Skill Using Computer Edutainment"* ay nakatuon sa mga mag-aaral sa Grade 11 na may layunin sa pagsanay ng mga mag-aaral sa pagsulat sa pamamagitan ng *Computer Edutainment* at sa pag-aaral naman nina Ersoy et al., (2022) na may pananaliksik na *"Developing Writing Skills, Writing Attitudes and Motivation through Educational Games: Action Research",* na naglalayong pagbutihin ang mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa elementarya, saloobin sa pagsulat at pagganyak sa pagsulat sa pamamagitan ng mga larong pang-edukasyon. Ang nabanggit na mga pag-aaral ay nakatuon sa kasanayan sa paggawa ng sanaysay ngunit hindi para sa ika-9 na baitang at iba ang mga interbensyong ginamit upang matugunan ang suliranin. Ito ay magiging batayan ng mga mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbuo ng isang sanaysay ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang mula sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School (BNVNHS).

Ang pagsisiyasat ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay lumitaw dahil ang problemang ito ay nakababahala at lubos na kinakailangan ng isang agarang aksyon. Bilang mga guro sa hinaharap, napakahalagang matugunan ang suliraning ito dahil ang mga kasanayang pang-akademiko na may kinalaman sa pagbuo ng isang sanaysay ay isa sa napakahalagang salik sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Bilang karagdagan, ito rin ay isang napakahalagang aspekto upang mabigyan ng sapat na atensyon at interbensyon ang problemang ito para mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral na kakikitaan ng istruktura sa pagsasaayos at organisasyon sa pagbuo ng pangungusap tungo sa paggawa ng sanaysay.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang *Picture analysis, Sequential Scripting, Word Swap at Word Craft* ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan na kakikitaan ng istruktura na tumutukoy sa pagsasaayos at organisasyon sa pagbuo ng pangungusap tungo sa paggawa ng sanaysay. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

**Mga Katanungan sa Pag-aaral**

1. Matukoy ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng sanaysay bago ipatutupad ang interbensyong P.A.S.S.WORD.S (*picture analysis, sequential scripting, word swap at word craft*)?
2. Matukoy ang mga antas ng mga mag-aaral sa pagbuo nila ng sanaysay pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong P.A.S.S.WORD.S (*picture analysis, sequential scripting, word swap at word craft*)?
3. May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang pretest at posttest.

**Metodolohiya**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng metodolohiya na ginamit sa pag-aaral. Kabilang dito ang disenyo ng pananaliksik, lokasyon ng pananaliksik, mga partisipante ng pananaliksik, instrumento

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng pananaliksik, paglikom ng datos, pag-aanalisa ng datos at istatistikal na gamit. Upang makakuha ng masusing pag-unawa, ang pagkakaroon ng maayos at matibay na programa ay magbibigay ng kalidad ng pagganap sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ang isang husay na diskarte ay pagtitibayin ng mananaliksik para sa pag-aaral.

## MGA RESULTA

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng data sa antas ng mga puntos sa pagbuo ng isang sanaysay ng mga mag-aaral sa pretest; ang antas ng mga puntos sa pagbuo ng isang sanaysay ng mga mag-aaral sa post-test; at ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng pretest at post-test ng mga mag-aaral.

Ipinakita sa **Talahanayan 1** ang mga resulta ng paunang pagsusulit, na nagsasaad ng mga antas ng pagganap ng 26 na mag-aaral sa pre-eksperimental na grupo sa pagbuo ng isang sanaysay. Ang mababang porsyento ng marka na ipinapakita sa talahanayan sa itaas, ay 60.47, na nagpapahiwatig ng mababa na pagganap ng mga mag-aaral sa pretest. Sa bahagi ng frequency ang iskor na 6 ay ang pinakamataas na iskor na may katumbas na 12.77 na porsyento, ang nakakuha ng may mataas na iskor ay naglalarawan na ang kaalaman ng mga mag-aaral ay ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang interbensyon ay bihirang naipapakita ng mga mag-aaral. Samantala, ang pinakamababa na iskor ay 1 sa bahagi ng frequency na may katumbas na 2.13 na porsyento. Sa kabilang banda, ang madalas na lumalabas na iskor ay 1 na may porsyentong 2.13.

**Talahanayan 1**
**Resulta ng Pretest**

| PRETEST SCORES | FREQUENCY | PERCENTAGE |
|---|---|---|
| 37 | 1 | 2.13% |
| 43 | 2 | 4.16% |
| 45 | 1 | 2.13% |
| 48 | 1 | 2.13% |
| 50 | 1 | 2.13% |
| 51 | 3 | 6.38% |
| 53 | 2 | 4.26% |
| 54 | 1 | 2.13% |
| 55 | 6 | 12.77% |
| 56 | 4 | 8.51% |
| 57 | 4 | 8.51% |
| 58 | 3 | 6.38% |
| 59 | 1 | 2.13% |
| 60 | 2 | 4.26% |
| 61 | 1 | 2.13% |
| 67 | 2 | 4.26% |
| 70 | 2 | 4.26% |
| 71 | 1 | 2.13% |
| 72 | 1 | 2.13% |
| 75 | 1 | 2.13% |
| 77 | 1 | 2.13% |
| 80 | 2 | 2.13% |
| 81 | 1 | 4.26% |
| 83 | 1 | 2.13% |
| 86 | 1 | 2.13% |
| 87 | 1 | 2.13% |
| **TOTAL** | **47** | **100.00%** |
| **OVERALL** | | **60.47** |
| **MEAN PERCENTAGE SCORE** | | **60.47** |
| **DESCRIPTION** | | **MATAAS** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinakita naman sa **Talahanayan 2** ang mga resulta ng post-test, na nagpapahiwatig ng mga antas ng pagganap ng 26 na mga mag-aaral sa eksperimentong grupo sa pagbuo nila ng isang sanaysay. Ang katamtamang porsyento ng marka ng mga mag-aaral, na ipinapakita sa talahanayan sa itaas, ay 70.66, na nagpapahiwatig ng may katamtaman na pagganap ng mga mag-aaral sa post-test. Ang mga hakbang na ito ay naglalarawan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay gamit ang interbensyon ay minsan lang na naipapakita ng mga mag-aaral.

Sa bahagi ng frequency ang iskor na 7 ay ang pinakamataas na iskor na may katumbas na 14.89 na porsyento. Samantala, ang pinakamababa na iskor ay 1 sa bahagi ng frequency na may katumbas na 14.89 na porsyento. Samantala, ang pinakamababa na iskor ay 1 sa bahagi ng frequency na may katumbas na 2.13 na porsyento. Sa kabilang banda, ang madalas na lumalabas na iskor ay 1 na may porsyentong 2.13.

**Talahanayan 2**
**Resulta ng Post-test**

| POST-TEST SCORES | FREQUENCY | PERCENTAGE |
|---|---|---|
| 36 | 1 | 2.13% |
| 50 | 1 | 2.13% |
| 52 | 1 | 2.13% |
| 54 | 2 | 4.26% |
| 55 | 2 | 4.26% |
| 56 | 1 | 2.13% |
| 57 | 1 | 2.13% |
| 58 | 1 | 2.13% |
| 59 | 1 | 2.13% |
| 67 | 1 | 2.13% |
| 69 | 2 | 4.26% |
| 70 | 1 | 2.13% |
| 71 | 3 | 6.38% |
| 72 | 7 | 14.89% |
| 73 | 1 | 2.13% |
| 74 | 2 | 4.26% |
| 75 | 5 | 10.64% |
| 76 | 2 | 4.26% |
| 77 | 1 | 2.13% |
| 79 | 1 | 2.13% |
| 80 | 2 | 4.26% |
| 82 | 3 | 6.38% |
| 84 | 1 | 2.3% |
| 86 | 1 | 2.13% |
| 87 | 1 | 2.13% |
| 88 | 2 | 4.26% |
| **TOTAL** | **47** | **100.00%** |
| **OVERALL** | | **70.66%** |
| **MEAN PERCENTAGE** | | **70.66%** |
| **DESCRIPTION** | | **MATAAS** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang ipinakita sa **talahanayan 3** ay ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka ng pretest at post-test,
t (46)= -4.957, p<.001. Ang t-value na nakuha ay -4.957, na nagpapahiwatig ng may nakitang pagkakaiba sa mga marka bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang t-value na ito ay nagmumungkahi na may malakas na epekto P.A.S.S.WORD.S na interbensyon sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig nito na may makabuluhang pagpapabuti sa mga marka ng mga mag-aaral mula sa pretest hanggang sa post-test, na ang mga marka ng post-test ay mas mataas na kumpara sa isinagawang pretest. Sa pangkalahatan, ang t-value na -4.957 sa kontekstong ito ay nagpapahiwatig ng lubos na makabuluhan at positibong epekto ng interbensyon o pagpapahusay ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo at paggawa ng isang sanaysay. Ang p-value ay natagpuan na mas mababa sa 0.001, na may p-value na mas mababa pa sa 0.001, sa kabuoan, ang mga resulta ay itinuturing na istatistikal na makabuluhan sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaiba sa pagganap mula sa pretest hanggang sa post-test ay malamang na hindi nagkataon.

**Talahanayan 3**
**Makabuluhang pagkakaiba ng mga puntos sa pagitan ng Pretest at Post-test**

| Type of Test | N | df | Mean | SD | t-value | P-value | Decision $\alpha = 0.05$ |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-Test | 47 | 46 | 60.47 | 11.89 | -4.957 | < **.001** | **Significant** |
| Post-Test | 47 | | 70.66 | 11.31 | | | |

**Pangwakas na Pahayag**

Ang ipinakita sa talahanayan 4 ay ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka ng pretest at post-test, t (46)= -4.957, p<.001. Ang t-value na nakuha ay -4.957, na nagpapahiwatig ng may nakitang pagkakaiba sa mga marka bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang t-value na ito ay nagmumungkahi na may malakas na epekto P.A.S.S.WORD.S na interbensyon sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig nito na may makabuluhang pagpapabuti sa mga marka ng mga mag-aaral mula sa pretest hanggang sa post-test, na ang mga marka ng post-test ay mas mataas na kumpara sa isinagawang pretest. Sa pangkalahatan, ang t-value na -4.957 sa kontekstong ito ay nagpapahiwatig ng lubos na makabuluhan at positibong epekto ng interbensyon o pagpapahusay ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo at paggawa ng isang sanaysay. Ang p-value ay natagpuan na mas mababa sa 0.001, na may p-value na mas mababa pa sa 0.001, sa kabuoan, ang mga resulta ay itinuturing na istatistikal na makabuluhan sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaiba sa pagganap mula sa pretest hanggang sa post-test ay malamang na hindi nagkataon.

**REKOMENDASYON**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ilang mga rekomendasyon ang maaaring gawin upang higit na mapahusay ang karanasan sa pagkatuto at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral na kakikitaan ng istruktura na tumutukoy sa pagsasaayos at organisasyon sa pagbuo ng pangungusap tungo sa paggawa ng sanaysay. Sa ganitong paraan, inirerekomenda ang interbensyong P.A.S.S.WORD.S (*Picture Analysis, Sequential Scripting, Word swap at Word Craft)* na ilan sa nagbibigay daan sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral, nagtataguyod ng masusing pag-unawa, at nagpapahalaga sa lohikal na pagsusuri ng impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman at nakatutulong sa pagtatahas ng kakayahan at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sanaysay o *essay*.

Ang interbensyong pinamagatang P.A.S.S.WORD.S (*Picture Analysis, Sequential Scripting, Word swap at Word Craft)* ay isang inobasyong iminungkahi ng mga mananaliksik sa paglutas ng problema na may kinalaman sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ang *picture analysis* ay maaaring gamitin sa pagbuo ng mga pangungusap at mga ideyang makukuha sa mga larawan; *sequential scripting,* magagamit bilang isang lohikal na paraan sa pag-organisa at pagsulat ng mga iskrip gaya ng sa mga pelikula at iba pa; *word swap* ay maaaring magamit sa pagpapalawak ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagpili ng mga angkop na salita sa isang konteksto at ang panghuli; *word craft*, maaaring magamit sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-iimbento ng mga makabagong salita na maaaring magbigay ng bagong kahulugan at kaalaman.

Bukod pa rito, ang pagsasagawa ng karagdagang aksyon na pananaliksik upang suriin ang pagiging epektibo ng interbensyong P.A.S.S.WORD.S. (*Picture Analysis, Sequential Scripting, Word swap at Word Craft)* ay ilan sa mga inobasyon at interbensyon na may layuning matulungan ang mga mag-aaral at mga guro na makakuha ng positibong resulta. Sa pamamagitan ng mga interbensyong ito ay nakitaan ng mga mananaliksik na ito ay naglalayong matulungan at mahikayat ang mga mag-aaral na mapataas ang kanilang pagpapahalaga sa larangan ng kasanayang pang-akademiko na may kinalaman sa paghubog ng kanilang kasanayan sa pagbuo ng mahusay at epektibong sanaysay.

Bukod dito, dapat isaalang-alang ng mga institusyong pang-edukasyon ang pagbibigay ng propesyonal na pag-unlad para sa

mga guro kung paano maging epektibo ang pagpapatupad ng mga diskarte sa pag-aaral na nakabatay sa interbensyong P.A.S.S.WORD.S. (*Picture Analysis, Sequential Scripting, Word swap at Word Craft)*. Ang pagsasanay na ito ay maaaring magbigay sa mga tagapagturo ng mga kinakailangang kasanayan at kaalaman upang magamit ang mga makabagong pamamaraan na ito upang mapahusay ang resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang mga karagdagang pag-aaral ay dapat hikayatin na tuklasin at idokumento ang mga pangmatagalang epekto ng naturang mga interbensyon sa pagganap ng mag-aaral sa larangan ng pang-akademiko na may kinalaman sa kasanayan ng pagbuo ng isang epektibo at mahusay na sanaysay.

Panghuli, dahil sa matagumpay na pagpapatupad ng interbensyong P.A.S.S.WORD.S. (*Picture Analysis, Sequential Scripting, Word swap at Word Craft)* sa pagtatahas ng kakayahan at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sanaysay o *essay*, iminumungkahi nito ang pagkakaroon ng potensyal bilang isang mahalagang pamamaraan sa edukasyon. Ang pagpapalawak ng paggamit nito at pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik ay maaaring mag-ambag sa isang mas epektibo at kasiya-siyang karanasan sa pag-aaral para sa mga mag-aaral sa kasanayang pang-akademiko.

Ang mga rekomendasyon batay sa pag-aaral na ito ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagsasama-sama ng mga makabagong diskarte sa pag-aaral na nakabatay sa inobasyon at interbensyong may kinalaman sa paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral upang matulungan at mahikayat sila na mapataas ang pagpapahalaga nila sa mga kasanayang pang-akademiko na nagbibigay daan sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral, nagtataguyod ng masusing pag-unawa, at nagpapahalaga sa lohikal na pagsusuri ng impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman at nakatutulong sa pagtatahas ng kakayahan at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mahusay at epektibong sanaysay. Ang mga pagsisikap na ito ay naglalayong pahusayin ang pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, pagbutihin ang mga resulta ng pag-aaral, at tuklasin ang mas malawak na mga benepisyong pang-edukasyon ng mga naturang interbensyon.

## TALASANGGUNIAN

1. *Ahmed, F., Kottaparamban, M., & Ali, E. (2023). Saudi EFL University Learners' Perspectives on Using Task-Based Language Teaching in Promoting Opinion Essay Writing. Research Journal in Advanced Humanities Vol.4. No.2*
2. *Al Khazraji, A. (2019). Analysis of discourse markers in essays writing in ESL classroom. International Journal of Instruction*
3. *Allery, L. A. (2004). Educational games and structured experiences. Medical Teacher,*
4. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
5. *Ersoy, B. G., & Dede, D. G. (2022). Developing writing skills, writing attitudes and motivation through educational games: Action research. International Journal of Contemporary Educational Research, 9(3), 569-589*
6. *Jacobs, H. L., Hartfiel, V. F., Hughey, J. B., & Wormuth, D. R. (1981). Testing ESL composition: A practical approach. Rowley: Newbury House Publishers.*
7. *Nasser, S. M. (2019). Iraqi EFL Students' Difficulties in Writing Composition: An Experimental Study. International Journal of English Linguistics*
8. *Nirwanto, R. (2021). The Adoption of Cohesive Devices (CDs) in [21] Indonesian Students of EFL's Opinion Essays. Premise: Journal of English Education (2021),10.24127/pj.v10i1.3239 22)*
9. *Raju TN., Gosset, W.S., & Silverman W. A. (1908): two ''students" of science.*
10. *Saavedra, A. D., & Barredo, C. P. (2020). Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils. International Journal on Innovation*
11. *Shie, J. S. (2013). Aspects of EFL games. Taipei: The Crance Publishing Company.*
12. *Ur, P. (2019). Grammar practice activities: A practical guide for teachers. Cambridge: Cambridge University Press.*
13. *Warburton, N. (2020). The basics of essay writing. Routledge.*
14. *Wrucke-Nelson, A. C. (2021). An investigation into the development of oral English in concept formation through the use of group games in the bilingual/ESL classroom. Unpublished Ph.D. dissertation, Texas Woman's University, TX.*
15. *Yulandari, E. S., & Rahman, A. (2019). IMPROVING XI-GRADE STUDENTS'WRITING ESSAY SKILL USING COMPUTER EDUTAINMENT. Journal of Languages and Language Teaching, 7(2), 96-107.*